

Sistemang Pangkalusugan ng Sheppard Pratt – Patakarang sa Pinansyal na Tulong – Madaling Maunawaang Buod

Nakatuon ang Sistemang Pangkalusugan ng Sheppard Pratt (“Sistemang Pangkalusugan”) sa pagbibigay sa mga pasyente ng pinakamataas na kalidad ng pangangalaga at serbisyo. Upang matulungan ang aming mga pasyente, at upang sumunod sa Pederal at Pang-Estadong batas ng Maryland, inaalok ng Sheppard Pratt ang sumusunod na impormasyon tungkol sa Patakarang nito sa Pinansyal na Tulong (Financial Assistance Policy o FAP):

Kwalipikasyon para sa Pinansyal na Tulong

Sa ilalim ng FAP ng Sheppard Pratt, ang ilang partikular na pasyente na wala o kulang ang insurance ay maaaring maging kwalipikado na makatanggap ng pinansyal na tulong para sa halaga ng mga emergency at medikal na kinakailangang serbisyo ng ospital. Hindi kasama ang ilang partikular na serbisyo, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, mga hindi sapilitang serbisyo, (Mga) Programang Pang-edukasyon, ang Retreat, at ang Ruxton House, pati na rin ang anumang karagdagang serbisyong may kaugnayan sa mga nabanggit na kategorya. Dagdag pa rito, ang populasyon ng Quaker ay maaaring maging kwalipikado para sa hiwalay at/o karagdagang tulong sa ilalim ng hiwalay na Patakarang sa Pinansyal na Tulong para sa Quaker ng Sistemang Pangkalusugan.

Ang mga pasyenteng kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa ilalim ng FAP ay hindi sisingilin para sa emergency o medikal na kinakailangang pangangalaga nang higit sa halagang karaniwang sinisingil sa mga pasyenteng may insurance. Ang pagiging kwalipikado ay batay sa gross income ng pamilya at laki ng pamilya ng pasyente at/o responsable ng tao. Ang gagamitin na pamantayan ng taunang kita ay 250% ng kasalukuyang pederal na alituntunin sa kahirapan na itinatag kada taon sa Rehiyong Pederal. Isasaalang-alang din ang mga asset at pananagutan. Maaaring igawad ang pinansyal na tulong nang hanggang sa 100% ng mga medikal na singil.

Pag-apply para sa Pinansyal na Tulong

Ang mga pasyenteng naghahanap ng pinansyal na tulong ay dapat kumumpleto ng isang application form at magbigay ng pansuportang dokumentasyon na hinihiling sa FAP at application form. Available ang libreng kopya ng FAP at application form mula sa alinman sa mga sumusunod:

<ul style="list-style-type: none">• Personal: Anumang lokasyon ng pagpaparehistro ng pasyente/tanggapan; o The Conference Center at Sheppard Pratt 6501 N. Charles Street Baltimore, MD 21204• Website: www.sheppardpratt.org/patient-care-and-services/resources/financial-support/	<ul style="list-style-type: none">• Nakasulat: Sistemang Pangkalusugan ng Sheppard Pratt Attn: Pinansyal na Tulong P.O. Box 6815 Baltimore, MD 21285-6815• Telepono: (410) 938-3370 (Lokal) (800) 264-0949 (Toll Free) Lunes-Biyernes, 8:00am hanggang 3:00pm.
---	---

Upang mag-iskedyul ng appointment para sa tulong sa application form, maaaring makipag-ugnayan ang pasyente sa isang kinatawan ng Sheppard Pratt sa numerong nakalista sa itaas o bumisita sa Conference Center sa Sheppard Pratt. Ang mga pagsalin ng FAP, ang application form, at ang madaling maunawaang buod ay available sa sumusunod na wika kapag hiniling: Spanish. Para sa iba pang wika, maaaring maging available kapag hiniling ang tulong sa pagsalin.

Mga Karapatan ng Pasyente

Ang mga pasyenteng makakatugon sa pamantayan ng patakarang sa pinansyal na tulong na inilarawan sa itaas ay maaaring makatanggap ng tulong mula sa ospital upang bayaran ang kanilang bill. Kung naniniwala ka na mali kang na-refer sa ahensya ng pangongolekta, may karapatan kang makipag-ugnayan sa tanggapan ng Sheppard Pratt sa 410-938-3370 o toll free sa 1-800-264-0949.

Maaari kang maging kwalipikado para sa Maryland Medical Assistance. Ang Medical Assistance ay isang programang sama-samang pinondohan ng mga pamahalaang Estado at Pederal at binabayaran nito ang hanggang sa buong halaga ng pangkalusugang saklaw para sa mga indibidwal na mababa ang suweldo na nakakatugon sa ilang partikular na pamantayan. Sa ilang pagkakataon, baka kailangan mong mag-apply at matanggihan para sa saklaw na ito bago maging kwalipikado para sa pinansyal na tulong ng Sheppard Pratt.

Para sa karagdagang impormasyon kaugnay sa proseso ng aplikasyon para sa Maryland Medical Assistance, pakitawagan ang iyong lokal na Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan sa telepono 1-800-332-6347 o sa pamamagitan ng internet (www.dhr.state.md.us).

Mga Obligasyon ng Pasyente

Para sa mga pasyente na may kakayahang magbayad, obligasyon nilang magbayad sa tamang oras. Nagsusumikap ang Sheppard Pratt upang tiyaking tama ang pagsingil sa mga account ng mga pasyente, at maaaring asahan ng mga pasyente sa ospital na makatanggap sila ng uniform summary statement sa loob ng 30 araw ng pagkaka-discharge. Responsibilidad ng pasyente na magbigay ng tamang impormasyon ng insurance.

Kung wala kang pangkalusugang saklaw, inaasahan namin na babayaran mo ang bill sa tamang oras. Kung naniniwala kang maaari kang maging kwalipikado sa ilalim ng FAP ng Sheppard Pratt, o kung hindi mo kayang mabayaran ang buong halaga ng bill, dapat kang makipag-ugnayan sa amin tulad ng nabanggit sa itaas.

Kung hindi ka makakatugon sa mga pinansyal na obligasyon ng iyong bill, maaari kang i-refer sa ahensya ng pangongolekta. Obligasyon ng pasyente na tiyaking nakukuha ng ospital ang tumpak at kumletong impormasyon. Kung magbabago ang iyong pinansyal na posisyon, may obligasyon kang makipag-ugnayan sa Sheppard Pratt na magbigay ng na-update na impormasyon.

Ang mga doktor na nag-aalaga ng mga pasyente sa Sheppard Pratt habang nasa ospital ang pasyente ay hiwalay ang pagsingil at hindi kasama sa iyong statement ng pagsingil ng ospital ang kanilang mga singil.